



# Module 1

*Mga Konsepto at Balangkas ng G-ESG*





In partnership with Canada

MEDA

PPSA

Philippines Partnership for Sustainable Agriculture

BIG | Bayan Innovation Group

# Pagpapakilala sa Gendered-Environmental, Social, Governance (G-ESG) na Pamamaraan

*Introduction to Gendered-Environmental, Social, Governance (G-ESG) Practices*

**Published by:** **Philippines Partnership for Sustainable Agriculture**
**Mennonite Economic Development Associates**

**Author(s)**

**Bayan Innovation Group (BIG)**
Prof. Michael Lawrence De Jesus
Vivienne Leigh De Guzman
Rennzy Louise Sanchez
Jessica Tiamzon

**Philippines Partnership for Sustainable Agriculture (PPSA)**
Suzie Hope Vanidad
Veronica Limpin
Monica Micaela Milano
Ma. Angela Primitiva Bautista
Krisha Marie Mecija

**Mennonite Economic Development Associates (MEDA)**
Roderick Valones
Omoneka Oyier
Anika Funk
Reine Kathryn Rala
Yasir Dildar

**Translations** Jezreyll James Cabasag

**Philippines Partnership for Sustainable Agriculture**
**Unit 1114 (11/F) Cityland 10, Tower 1, 156 HV De La Costa Corner Valero Streets, Makati City, Philippines**

**©This publication, in whole or in part, is protected by copyright. Any reuse not explicitly authorized requires permission from the Publisher**

2025

All rights reserved by the Publisher, specifically the rights of reproduction, adaptations, translations, and transmission or information storage and retrieval in electronic systems.
This publication was produced with the financial support of the Government of Canada provided through Global Affairs Canada. Its contents are the sole responsibility of the authors and do not necessarily reflect the views of Global Affairs Canada or MEDA.

# Pasasalamat

Ang **Mennonite Economic Development Associates (MEDA)** at ang **Philippine Partnership for Sustainable Agriculture (PPSA)** ay ikinagagalak na ipresenta ang modyul na ito sa pagsasanay, na binuo sa ilalim ng Resilience and Inclusion through Investment for Sustainable Agrikultura (RIISA) Project.

Ang RIISA Project ay nakatuon sa pagsusulong ng pangkabuhayang inklusibo sa kasarian, napapanatiling kabuhayan, at kapaki-pakinabang na agri-negosyo para sa maliliit na magsasaka ng kakao sa Mindanao. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Strategic Learning Agenda (SLA), layunin ng MEDA at PPSA na makabuo ng mga materyales sa pagkatuto at maipalaganap ang mga kaalaman ukol sa Gendered-Environmental, Social, and Governance (G-ESG) practices upang magpasimula ng positibong pagbabago sa loob ng cacao value chain.

Ang modyul na ito ay binuo ng PPSA at **Bayan Innovation Group (BIG)** bilang kauna-unahang grassroots na G-ESG resource na idinisenyo para sa mga magsasaka, prodyuser, kooperatiba sa agrikultura, at mga micro-enterprise. Binibigyang-diin nito ang mga praktikal na aplikasyon ng mga prinsipyong G-ESG na hinango mula sa mga interbensyon ng RIISA Project, upang matiyak ang kaugnayan at pagiging kapaki-pakinabang nito sa antas-komunidad.

Ipinapaabot ng MEDA at PPSA ang taos-pusong pasasalamat sa mga magsasaka, kooperatiba, at micro-enterprise na bukas-loob na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at kaalaman na naging batayan sa pagbuo ng manwal na ito. Lubos ding pinasasalamatan ang mga kasapi ng Biao Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (BARBCO) at sina G. Jake Acebo at Gng. Leigh Dioquino ng UP Mindanao sa kanilang aktibong partisipasyon sa pretesting activity. Isang espesyal na pasasalamat din sa BIG para sa kanilang kahusayan at pakikipag-partner upang maisakatuparan ang resource na ito.

Ang manwal na ito ay sumasalamin sa pinagsamang pangako ng MEDA, PPSA, at ng kanilang mga katuwang na palakasin ang mga komunidad ng magsasakang nagtatanim ng kakao at bumuo ng mas inklusibo, matatag, at napapanatiling kinabukasan para sa sektor.

# Talaan ng Nilalaman


| | | |
|---|---|---|
| I | Pangkalahatang-ideya ng Module | 8 |
| II | Pangunang Gawain sa Module | 9 |
| III | Pagpapakilala sa G-ESG: Mga konsepto, batayan at halimbawa | 10 |
| IV | Ano ang Gendered-Environmental, Social, Governance o G-ESG? | 19 |
| V | Iba’t ibang Haligi o Pangunahing Aspeto ng G-ESG | 21 |
| VI | Bakit Gendered-Environmental, Social, Governance? | 35 |
| VII | Paglalapat sa Konteksto ng Trabaho | 39 |
| VIII | Ang mga baon nating aral mula sa Module 1 | 41 |

# Kalinangan at Konteksto

Ang **Proyektong Resilience and Inclusion through Investment for Sustainable Agrikultura (RIISA)**, sa pangunguna ng Mennonite Economic Development Associates (MEDA) Philippines, ay nakatuon sa pagpapaunlad ng gender-inclusive, sustenableng pangkabuhayan at kumikitang agribusiness para sa mga maliliit na magsasaka sa sektor ng cacao sa Mindanao. Layunin ng RIISA na direktang suportahan ang 5,400 maliliit na magsasaka, kung saan 40% sa kanila ay kababaihan, at naglalayong hindi direktang suportahan ang 25,000 kababaihan at kalalakihang maliliit na magsasaka sa pamamagitan ng mga kooperatiba, asosasyon, pampublikong institusyon, at maliliit at katamtamang negosyo (SMEs) sa loob ng sektor.

Isa sa mga pangunahing estratehiya na ginagamit ng MEDA upang makamit ang mga layunin ng RIISA Project ay ang pagpapatupad ng Strategic Learning Agenda (SLA). Sa ilalim ng SLA, nilalayon ng PPSA na bumuo ng iba't ibang learning materials na idinisenyo upang itaguyod ang sustenableng pangkabuhayan pati na rin ang paggamit ng Gendered-Environmental, Social, and Governance (G-ESG) practices na nakatutulong sa pagkakaroon ng disenteng trabaho, partikular sa industriya ng cacao sa Pilipinas. Bilang bahagi ng mga learning materials, bumuo ang SLA team ng isang G-ESG module na sumusuporta sa mga negosyo at kooperatiba ng cacao, at tumutugon sa learning question number two ng SLA:

- Ano ang mga synergies at trade-offs sa pagitan ng mga layunin ng ESG at pag-unlad ng ekonomiya sa industriya ng cacao?
- Paano masosolusyonan ang mga trade-offs na ito upang matiyak ang pangmatagalang sustainability at resilience ng mga sistema ng pagsasaka ng cacao?

Nilalayon ng G-ESG Module na ito na makamit ang mga sumusunod:

- Ipakilala ang konsepto ng G-ESG sa agribusiness, na may pagtuon sa mga negosyo at kooperatiba ng cacao, habang ipinapakita ang kaugnayan nito sa ibang mga produkto at kalakal;

- Bigyang-diin ang gendered aspects ng mga isyu sa kapaligiran, panlipunan, at pamamahala sa agribusiness;
- I-highlight ang mga praktikal na halimbawa ng G-ESG integration, na nagtatampok ng mga kwento ng tagumpay mula sa mga kasosyo ng RIISA; at
- Ipakita kung paano maaaring magdulot ng positibong pagbabago ang mga aktibidad ng G-ESG, na tumutugon sa mga pangangailangan at priyoridad ng kababaihan, at kumukuha ng mga pagbabago sa gender at social norms, pag-uugali, at practices sa antas ng maliliit na magsasaka, sa loob ng mga kooperatiba, at sa buong komunidad sa pamamagitan ng mga interbensyon ng RIISA.

Upang gawing mas accessible ang pagkatutuo ng G-ESG at masigurong naisasama ito sa proseso ng produksyon, ang capacity-building program na ito ay ipapaabot sa mga cacao-based SMEs, kooperatiba, miyembro ng cacao council, at iba pang stakeholder sa sektor.




# Module 1

## *Mga Konsepto at Balangkas ng G-ESG*



# Pangkalahatang-ideya ng Module

Layunin ng module na ito na bigyan ng malinaw na konteksto ang mga mambabasa kung bakit kailangang baguhin ang mga pananaw sa pagpapatakbo ng negosyo. Bago talakayin ang G-ESG principles, ipakikilala muna ang ilang mahahalagang konsepto mula sa mga tradisyunal na modelo ng negosyo. Sa ganitong paraan, mas mauunawaan ng mambabasa kung saan nag-ugat ang mga isyung kinakaharap ng mundo ngayon — tulad ng pagkasira ng kalikasan *(environmental degradation),* hindi pantay na oportunidad sa lipunan *(inequality)* at mga hindi pangmatagalang paglago ng negosyo (unsustainable growth).

Sa pagbibigay ng ganitong konteksto, nabibigyan ng matibay na pundasyon kung bakit mahalaga at hindi na opsyonal ang pagsunod sa G-ESG mindset.

Mula rito, gagabayan ang mambabasa tungo sa mas makabago at makabuluhang direksyon ng pagnenegosyo, na nakabatay sa G-ESG principles: mahusay na pamamahala (good governance), pangangalaga sa kalikasan (environmental responsibility), at pagkakapantay-pantay sa lipunan (social equity). Lahat ng ito ay mahalaga upang makabuo ng mga negosyo at kabuhayan na hindi lamang kumikita, kundi nakakatulong din sa kapwa at sa kalikasan.

**Sa pagtatapos ng module na ito, inaasahang ang mambabasa ay:**

- Magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga tradisyunal na pananaw sa negosyo, at kung bakit panahon na para iwanan ang mga ito;
- Makakakuha ng mga bagong pananaw kung paano naaapektuhan ng kasalukuyang mga gawain ang kapaligiran at lipunan;
- Magkakaroon ng bagong perspektiba kung paano puwedeng gamitin ang negosyo bilang instrumento ng positibong pagbabago; at
- Matutukoy ang mga konkretong paraan para maipamalas ang G-ESG mindset sa sariling negosyo, pinagkakakitaan, o kabuhayan.




# Pangunang Gawain sa Module

Magpakilala tayo...

- Ibigay ang inyong pangalan at kung taga-saan kayo.
- Ano ang inyong pinagkakaabalahan sa kasalukuyan?
- Ano-anong ang *expectations* niyo para sa dalawang araw ng training?
- Ano-ano ang inyong mga hilig gawin?
- Ano ang inyong pinakamalaking pangarap?

# Pagpapakilala sa G-ESG:
# Mga konsepto, batayan at halimbawa

Mayroong dalawang pananaw at kaparaanan sa pagpapatakbo ng ekonomiya, pagnenegosyo at paghahanapbuhay



### Traditional na Pananaw at Kaparaanan ng pagnenegosyo

KITA at TUBO ng PERA ang tanging pakay at layunin ng ekonomiya, ng mga negosyo at ng samu't saring mga hanapbuhay; nakatali ang ekonomiya ng buong bansa at buong mundo




### Sustenableng Pananaw at Kaparaanan

Ang pagpupursige para kumita at tumubo ay BINABALANSE sa mga layuning panlipunan, pangkomunidad at pangkalikasan.

Sa module na ito, maiintindihan natin kung bakit kailangang palitan na ang mga lumang pananaw at mga tradisyunal na kaparaanan ng pagnenegosyo at yakapin at paigtingin ang pananaw at kaparaanan ng sustenableng konsepto ng G-ESG. Pag-usapan natin kung ano ba talaga ang G-ESG.

## Mga Layunin ng Module 1

- Maunawaan kung ano ang tradisyunal na pamamaraan ng pagnenegosyo kaugnay sa ekonomiya, negosyo, at hanapbuhay.
- Malaman kung ano ang mga epekto ng tradisyunal na pamamaraan ng pagnenegosyo sa kalikasan, lipunan o komunidad at pamamahala sa negosyo
- Maunawaan na mayroong bagong ideya at alternatibong pamamaraan na maaari at dapat na ipalit sa mga tradisyunal na pamamaraan–ang G-ESG




# Aktibidad: Kwento ng Nakaraan

## Layunin ng Aktibidad:

- Makapagsalaysay ng mga karanasan o kwento mula sa kanilang komunidad na nagpapakita ng mga tradisyunal na paraan ng pagnenegosyo.
- Matukoy ang mga isyu at hamon na kadalasang kaakibat ng ganitong kaparaanan, gaya ng kawalan ng malasakit sa tao, kapaligiran, at patas na pagtrato.
- Makapagbahagi ng pananaw mula sa magkakaibang karanasan upang makita ang mas malawak na larawan ng mga usapin sa tradisyunal na negosyo.
- Magsimulang magnilay kung paano pa mapapabuti ang mga umiiral na modelo ng negosyo sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng ibang pananaw at pamamaraan.

## Mga Panuto:

- Hatiin ang klase sa tatlong grupo.
- Pumili ng isang tagasulat, at isang taga-ulat.
- Isalaysay ang isang karanasan o kwento tungkol sa tradisyunal na paraan ng pagnenegosyo sa inyong komunidad na sa tingin ninyo ay maaaring dahilan o maging dahilan ng problema (*hal. kita muna bago kapakanan, walang malasakit sa kalikasan, hindi pantay na trato sa kababaihan*).
- Ang bawat isa ay magsasalaysay ng kanilang kwento. Habang may nagkukwento ang tagasulat ay ililista ang mga naikwento (sa simpleng paraan lamang).
- Pagkatapos ng pagkukwento, at nakabalik na lahat sa orihinal na grupo magsasalaysay ang mga taga-ulat ng nailista na mga kwento ng bawat grupo.

## Tradisyunal na Pamamaraan ng Pagnenegosyo Bilang Pangunahing paraan Tungo sa Pag-unlad at Paghahanapbuhay

Lumaganap ang ideya, prinsipyo, at pilosopiya ng tradisyunal na paraan sa loob ng halos isang daang taon bilang pangunahing pamamaraan ng mga ekonomista, mga lider ng lipunan, at ng mga malalaki at maliliit na negosyante — kasama na rin ang mga nasa sektor ng agrikultura.

Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, nagdulot ng masamang epekto ang ganitong sistema na naging sanhi ng pagkakahati-hati ng lipunan, hindi pantay-pantay na pag-unlad sa mga komunidad at kanayunan, at sa pagkasira ng kalikasan at ekolohiya.

Dahil dito, nabigyang daan ang mga usap-usapan na kailangan na natin itong palitan.




Bakit nga ba natin ito kailangan palitan? Ano-ano ang naging epekto nito sa kalikasan, sa lipunan, at sa pamamahala?

### Masasamang Epekto ng Tradisyunal na Paraan ng Pagnenegosyo

**Sa Kalikasan (Environment)**



Habang umuunlad ang mga industriya, kasabay din nito ang pagdami ng paggamit ng mga kemikal na nakakasama sa hangin at kapaligiran. Sa kagustuhang mapabilis ang produksyon at kita, lalo na sa mga malalaking negosyo, hindi nabigyan ng sapat na pansin ang pangangalaga sa kalikasan.

Dahil dito, unti-unting tumaas ang carbon emissions mula pa noong dekada '80 — na umaabot ng halos 1.5 porsyento bawat taon.

At ang epekto? Unti-unting umiinit ang mundo. Ito ang tinatawag na ***global warming,*** na ngayon ay nararamdaman na natin sa araw-araw — mas matinding init, pabago-bagong panahon, at iba pang epekto sa ating kapaligiran.



Bunga ng patuloy na pag-init ng mundo, ramdam na natin ngayon ang iba't ibang epekto ng climate change. Ayon sa datos, ang global average na temperatura ay tumaas na ng 1.55°C kumpara sa nakaraang siglo. Dahil dito, unti-unting natutunaw ang mga ice caps at tumataas ang lebel ng tubig-dagat — nagdudulot ito ng paglubog ng ilang komunidad sa mga baybaying lugar.

Sa Pilipinas, mas madalas at mas matindi na rin ang mga bagyo at habagat, na umaabot sa 6 hanggang 13 kada taon.

Nakaranas na ng higit Php 290 bilyon na pinsala ang sektor ng agrikultura dahil sa El Niño (PSA, 2020).

Dagdag pa rito, mahigit 3.7 milyong Pilipino ang naapektuhan ng matinding tagtuyot, na direktang nakaapekto sa kanilang kabuhayan at pang-araw-araw na pamumuhay.

Malaki rin ang pinsalang dulot nito sa kalikasan. Tinatayang nasa isang milyong hayop at halaman na ang nanganganib na tuluyang mawala dahil sa patuloy na pagkasira ng kapaligiran.

Lalo ring lumalaki ang pagkonsumo ng mga tao, na tinatawag na konsumerismo — ang pagbili o paggamit ng higit sa tunay na pangangailangan — at dahil dito, mas dumarami rin ang basura sa ating kapaligiran.

**Sa Lipunan (Society)**



Sa tradisyunal na pagnenegosyo, hindi pantay ang pag-unlad — may iba na mayroong mas maraming oportunidad, kaya't may iba pa ring hirap makasabay. At dahil sa hindi pantay na akses sa mga oportunidad, may mga naiiwan at patuloy na naghihirap, na nauuwi sa kahirapan.

Ayon sa datos, **3 sa 10 magsasaka** ang patuloy na nakararanas ng kahirapan dahil sa mababang kita, kakulangan sa imprastruktura, at pinsalang dulot ng kalamidad sa kanilang produksyon.

Maliban dito, ang mga "minorities" tulad ng mga kababaihan, kabataan, Person with disabilities (PWDs), at Indigenous People (IPs) ang pinaka-naapektuhan.

Pagdating naman sa access sa mga oportunidad, mas maraming oportunidad ang makikita sa mga lungsod kumpara sa mga kanayunan, kaya nagkakaroon ng pagkakaiba sa access ng mga tao sa mahahalagang serbisyo. Kadalasan, mas limitado ang mga oportunidad sa mga kanayunan - sa kalusugan, edukasyon, trabaho, nutrisyon, proteksyon sa sakuna, hustisya, at iba pa.

**Sa Pamamahala (Governance)**



Isa sa mga pinakamadalas maapektuhan sa kasalukuyang sistema ay ang mga manggagawa. Sa maraming pagkakataon, sila ang nahuhuli pagdating sa benepisyo at proteksyon.

Sa ilalim ng tradisyunal na pagnenegosyo, ang ***labor*** o paggawa ay tinitingnan lamang bilang isang bahagi ng pagpapatakbo ng negosyo — hindi bilang mga taong may sariling pangangailangan, dignidad, at karapatang kailangang igalang.

Mas binibigyang-priyoridad ang kita at tubo kaysa sa kapakanan at karapatan ng mga manggagawa, kaya't madalas na naisasantabi ang kanilang mga pangangailangan.

Bukod sa mga nabanggit sa taas, ano pang mga masasamang epekto ng tradisyunal na pagnenegosyo ang napapansin ninyo?

Nagkaroon ba ito ng masamang epekto sa buhay ninyo o di kaya sa inyong mga organisasyon o negosyo?

**Pag-usapan natin!**

- May mga tradisyunal na pagnenegosyo ba kayong napapansin o nararanasan sa lugar ninyo?
- Ano ang dapat nating maging ugali o pananaw ukol sa tradisyunal na pagnenegosyo?
- Ano ang mga kailangan nating malaman at matutunang gawin upang makatulong maibsan ang mga ganitong pangyayari?

## Ang Resulta ng Tradisyunal na Kaparaanan ng Pagnenegosyo

May mga pagbabago at pag-unlad na nangyayari sa mundo ngayon, pero hindi ito nararamdaman ng lahat — lalo na ng mga nasa kanayunan.

Habang patuloy ang pag-unlad sa ilang lugar, mas ramdam naman sa mga probinsya ang epekto ng mga kalamidad, pabago-bagong panahon, at pagkasira ng kalikasan na direktang naaapektuhan ang kabuhayan sa agrikultura.

Dahil sa iba't ibang pananaw tungkol sa pag-unlad, may mga pagkakataon na mas nabibigyang pansin ang negosyo at kita, kaysa sa kalikasan at kapakanan ng mga taong nagtatrabaho.





## Kailangan natin ng pagbabago — pero paano ito sisimulan, at saan tayo patungo?

Magsisimula sa ating mga sarili–sa ating mga negosyo at hanapbuhay ang pagbabago


Mula sa ating mga komunidad, mga katrabaho, at mga organisasyong pang negosyo ang ipapalit natin sa tradisyunal na kaparaanan ng pagnenegosyo

Sa ating mga gawaing pang-kalakaran at kabuhayan uusbong ang mga bagong adhikain

**Sa mga hamon na kinakaharap natin ngayon, mula sa epekto ng kalamidad, pagkasira ng kalikasan, hanggang sa hindi pantay na pag-unlad, malinaw na kailangan natin ng pagbabago, at bawat isa ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagtugon dito.**

**Dito pumapasok ang panawagan para sa panibagong pananaw o lente sa pag-unlad, pagnenegosyo, at panghanapbuhay. Hindi na akma ang mga lumang pamamaraan; ang tugon ay isang mas balanseng kaparaanan na isinasaalang-alang hindi lang ang kita, kundi pati ang kapaligiran at kapakanan ng mga tao.**









Sa panahon ngayon, kailangan natin ng panibagong pananaw sa pag-unlad, pagnenegosyo, at paghahanapbuhay — isa na mas makatao, mas makakalikasan, at mas inklusibo. Para maisakatuparan ito, hindi maaaring iisang sektor lamang ang kikilos. Kailangang magkaisa at magtulungan ang gobyerno, mga pribadong negosyo, at mga Non-Government Organizations (NGO) upang sabay-sabay na maiangat ang sektor ng agrikultura — sa aspeto ng pinansyal, pangkalikasan, panlipunan, at pamumuno. Ito ang tugon sa panawagan para sa mas makatarungan at pangmatagalang pag-unlad.


Sa gitna ng mga hamon at panawagan para sa pagbabago, hindi tayo nag-iisa sa paghahanap ng mga sagot. May mga pandaigdigang tugon na naglalayong maglatag ng mas makatarungan, makatao, at makakalikasan na paraan ng pag-unlad. Ilan sa mga ito ay:

**Gendered Environmental, Social and Governance (G-ESG)** Isang lente o pananaw na isinasaalang-alang ang pagkakapantay-pantay ng kasarian, pangangalaga sa kalikasan, panlipunang hustisya, at maayos na pamumuno sa mga desisyong pangkabuhayan.

**Impact Investing** Paraan ng pamumuhunan na hindi lang nakatuon sa kita, kundi pati sa positibong epekto sa lipunan at kapaligiran.

**UN Sustainable Development Goals (SDGs)** Ito ay mga layuning itinakda ng United Nations para sa mas sustenableng progreso sa buong mundo.

**Social Solidarity Economy (SSE)** Isang alternatibong modelo ng ekonomiya na nakabatay sa kooperasyon, pagkakaisa, at sama-samang pag-unlad.




# Aktibidad: Kwento ng Pagbabago

## Layunin ng Aktibidad:

- Muling suriin ang mga naunang kwento at tukuyin kung paano ito maisasabuhay sa mas makatao, makakalikasan, at makatarungang paraan.
- Makapag-isip ng mga kongkretong hakbang kung paano magiging mas patas ang trato sa mga manggagawa, mababantayan ang kalikasan, at mabibigyang kapangyarihan ang iba't ibang sektor gaya ng kababaihan, nakatatanda, o iba pang nasa laylayan.
- Makapagpahayag ng sariling saloobin at pananaw tungkol sa mga posibilidad ng mas inklusibong paraan ng pagpapatakbo ng negosyo.
- Makipagtulungan at makinig sa ideya ng iba upang makabuo ng mas malawak na pang-unawa sa alternatibong paraan ng pagnenegosyo.
- Makabuo ng listahan ng mga suhestiyon na maaaring maging gabay para sa mas makabuluhang negosyo sa hinaharap.

## Mga Panuto:

- Bumalik sa kaniya-kaniyang grupo.
- Pumili ng isang tagasulat, at isang taga-ulat.
- Ngayon naman, isipin niyo kung paano magiging mas makatao, makakalikasan, at makatarungan ang parehong kwento kaninang umaga, at kung ito ay ipinapatupad gamit ang G-ESG (*hal. Paano mas mahusay na tratuhin ang mga magsasaka? Paano mapangangalagaan ang kapaligiran? Paano mabibigyang kapangyarihan ang kababaihan o nakakatanda?*)
- Hikayatin na makapagsalita at makapagbigay ng kanilang pananaw at saloobin ang bawat isa sa grupo. Huwag kalimutan ilista ang mga napag-usapan.
- Pagkatapos ng pagkukwento, at nakabalik na lahat sa orihinal na grupo magsasalaysay ang mga taga-ulat ng nailista ng bawat grupo.

## Ano ang Gendered-Environmental, Social, Governance o G-ESG?



**Sa pamamagitan ng Gendered-Environmental, Social, at Governance (G-ESG), mas pinalawak ang depinisyon ng "business performance", hindi na ito limitado sa kita lamang.**

**Idinagdag ang G-ESG bilang isa pang pamantayan o konsiderasyon sa pagsukat ng kakayahan ng mga negosyo.**

**Dahil dito, ginagamit na rin ng mga investor at funder ang G-ESG upang masuri ang kakayahan at integridad ng isang organisasyon.**

Hindi lamang mga investor at funder ang gumagamit ng G-ESG, ginagamit din ito ng merkado at mga konsyumer bilang batayan sa pagkilatis ng mga produkto at serbisyo.

Sa paglipas ng panahon, lumalawak ang paggamit ng G-ESG ratings bilang isa sa mga batayan o kondisyon sa pagsusuri ng mga korporasyon, brands, at iba't ibang produkto sa merkado.

Sa ganitong paraan, pinapalawak ng G-ESG ang dating makitid na pananaw sa negosyo, upang isaalang-alang ang mas malawak na layunin ng makatarungan at pantay na pag-unlad ng ekonomiya?

**Hindi na sapat ang mahusay na business performance lamang,** kailangan na rin ngayon ang mahusay na G-ESG performance para masabing matagumpay ang isang negosyo. Hindi lang kita o tubo ang sukatan ng tagumpay. **Mahalaga rin na ang negosyo ay may maayos na pamamahala (good governance), may malasakit sa kalikasan (environmental responsibility), at tumutugon sa kapakanan ng tao at komunidad (social equity)**.

**Ang G-ESG ay isang makabago at mas komprehensibong pananaw sa takbo ng negosyo. Ginagamit nito ang Gender lens sa pagsusuri ng lagay ng negosyo kaakbay ng tradisyonal na ESG framework—Environment (Kalikasan), Social (Panlipunan), at Governance (Pamunuan). Sa pamamagitan nito ay mas nasusuri kung paano nag-iiba ang danas, pangangailangan, at oportunidad ng bawat manggagawa batay sa kanilang kasarian, at kung paanong ang mga ito ay dapat isaalang-alang sa mas makatao, makakalikasan, at makatarungang pagpapatakbo ng negosyo.**



Ang **gender lens** ay ginagamit upang matiyak na ang mga patakaran, desisyon, at operasyon ng negosyo ay patas at inklusibo para sa lahat — anuman ang kasarian. Sa G-ESG, ang kasarian ay hindi hiwalay na usapin kundi nakalapat sa bawat aspeto ng ESG:

**Environmental (Pangkalikasan):** Sa mga isyung may kinalaman sa kalikasan gaya ng climate change o access sa likas-yaman, ang gender lens ay tumutulong tukuyin kung sino ang mas naaapektuhan—kadalasan, kababaihan sa kanayunan ang may mas limitadong access sa likas-yaman. Kaya't sa pagbubuo ng solusyon, isinasama ang kanilang boses at karanasan.

**Social (Panlipunan):** Sa usapin ng karapatang pantao, labor standards, at kaligtasan, mahalagang tiyakin na walang diskriminasyon sa kasarian. Ang gender lens ay tumutulong masiguro na pantay ang oportunidad sa trabaho, benepisyo, at pag-unlad, anuman ang kasarian.

**Governance (Pamumuno):** Ang gender lens ay mahalaga sa transparency at diversity ng pamumuno. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga organisasyong may inklusibong pamunuan, kabilang ang kababaihan at iba pang kasarian, ay mas may pananagutan, mas etikal, at mas matatag sa panahon ng krisis.

**Sa susunod na bahagi ng ating talakayan, pag-uusapan natin ang iba't ibang haligi o pangunahing aspeto ng G-ESG, layunin nito ay:**

- Maintindihan kung ano ang G-ESG, ano ang mga benepisyo ng G-ESG sa kalikasan, lipunan at kababaihan, maliban sa kita sa negosyo; Paano ini-aapply ang G-ESG sa pangaraw-araw na gawain at paghahanapbuhay

- Maintindihan ang mga magagandang epekto nito sa kalikasan, lipunan/komunidad, at organisasyong negosyo maliban sa kita at tubo ng puhunan

- Maintindihan kung paano isinasagawa at isinasabuhay ang alternatibong ideya at kaparaanan ng G-ESG



## Lenteng Pangkalikasan (Environment)

Sa aspeto ng kapaligiran, mahalagang isaalang-alang ng mga negosyo ang mga pamantayang nakatuon sa pangangalaga ng kalikasan. Layunin nito na magkaroon ng mas maayos at mabisang siklo sa paggamit ng mga materyales sa buong daloy ng produksyon.



Kasama rito ang pagsisikap ng mga kumpanya na bumuo ng mga inisyatiba at programang nakatutulong sa pagprotekta sa kalikasan, lalo na sa pagtugon sa mga kritikal na isyu tulad ng ***climate change*** at ***global warming***. Sa ganitong paraan, masisiguro ang mas responsableng paggamit ng likas na yaman at mas matagalang benepisyo para sa kapaligiran at komunidad.

Sa bahaging ito, pag-uusapan natin kung paano naapektuhan ng ating gawain o negosyo ang kalikasan. Mahalaga na alamin natin kung may ginagawa ba tayong hakbang para protektahan ang kapaligiran—gaya ng tamang paggamit ng likas na yaman, pagbabawas ng basura, at pangangalaga sa lupa at hangin.

Ang mga tanong sa table ay para magsisilbing gabay para pag-isipan kung tunay bang sustainable o pangmatagalan ang ating mga pang araw-araw na gawain.

| Lenteng Pangkalikasan | Mga Tanong na Gagabay sa Talakayan | Halimbawa |
| --- | --- | --- |
| Greenhouse Gas Emissions | Ang atin bang proseso ng produksyon ay nagreresulta sa labis na greenhouse gas emission? Ano ang pwede nating gawin para mabawasan ang negatibong epekto nito sa kalikasan? | Paggamit ng ng solar dryer para mabawasan ang greenhouse gas emissions |
| Climate Change Strategy | Paano tayo makatutulong sa pagresolba ng climate change? | Pagpapatupad ng ng agroforestry at rainwater harvesting bilang climate change adaptation strategy. |

| Lenteng Pangkalikasan | Mga Tanong na Gagabay sa Talakayan | Halimbawa |
|---|---|---|
| Sustainability Initiatives | Mayroon ba tayong mga inisyatiba para sa sustainability ng kalikasan at kapaligiran? | Paggamit ng rainwater harvesting para hindi masyadong maubos ang tubig sa ilalim ng lupa |
| Carbon Footprint | Pagdating sa operations, ano ang lebel ng ating carbon footprint? Paano pa natin ito mapapababa? | Pagtatanim ng shaded trees at paggamit ng solar dryer kapalit ng de-krudo na dryer |
| Energy Management | Labis ba ang pagkonsumo natin ng kuryente? | Paggamit ng solar-powered fermentation at drying facilities bilang kapalit ng de-krudo na dryer. |
| Resource Depletion | Anu-anong likas na yaman ang ginagamit natin? Sa ating proseso ng produksyon, nagkakaroon ba ng labis na pagkonsumo ng likas na yaman? | Paggamit ng rainwater harvesting imbes na sobrang pagbomba ng deep well water. |
| Air Quality | Paano nakakaapekto ang pagpapatakbo ng ating negosyo sa kalidad ng hangin sa paligid natin? | Paggawa ng compost imbes na pagsunog ng crop residues. |
| Biodiversity | Paano nakaaapekto ang pagpapatakbo ng ating negosyo sa biodiversity sa paligid natin? | Sa halip na magtanim lamang ng kakaw, isama ang mangga at madre de cacao upang magbigay ng lilim, dagdag na kita, mas matibay na taniman, at mabawasan ang peste. |
| Soil Health | Nakadaragdag ba ang ating produksyon sa soil erosion, acidification, at soil fertility? | Paggamit ng organic compost at pagbawas ng kemikal na pataba. |
| Waste Management | Nagreresulta ba sa labis na basura ang ating proseso ng produksyon? Mayroon ba tayong pwede i-reduce, i-reuse at i-recycle? | Paggawa ng organikong pataba mula sa mga pinagtabasan o tira-tirang pananim |

**Lenteng Pangkalikasan (Environment)**

**Mga Halimbawa**




## Lenteng Pangkalikasan: Ang Kwento ng Lomerados



Ang mga na-upgrade na imprastraktura, gaya ng solar dryer, bodega, at moisture meter, ay hindi lamang upang mas mapadali ang trabaho sa kabila ng pabago-bagong panahon, kundi upang maisulong din ang mas inklusibo at makakalikasang operasyon sa tulong ng renewable energy na nakatutulong sa pagprotekta sa kapaligiran

***"Malaki ang naitulong ng suporta ng MEDA sa pagpapabuti ng operasyon ng aking kumpanya, lalo na sa aspeto ng kalikasan at pag-angkop sa epekto ng climate change. Binigyan nila ako ng solar dryer, warehouse, at moisture meter na talagang kailangan ko ngayon dahil hindi na predictable ang panahon. Dahil sa tulong na ito, naging mas handa at mas resilient ang aking kumpanya laban sa mga hamon ng climate change. Napahusay ko ang operasyon at mas nakatitiyak ako na magiging sustainable ang negosyo sa mga darating na taon."***

## Lenteng Pangkalikasan: Ang Kwento ng Kennemer



Sa tulong ng MEDA Sustainable Growth for Partners, naipatupad ang ilang hakbang na tumutugon sa kapaligiran at pangkabuhayang aspeto ng G-ESG.

Sa pamamagitan ng microfinance at microcredit, gaya ng Agronomika Finance, na binuo para sa mga kababaihan, madaling nakakalikom ng kapital ang mga small holder farmers.

Bukod sa aspetong pinansyal, kinikilala nito ang iba't ibang problemang pinapasan ng mga kababaihan lalong lalo na sa loob ng tahanan.

Sa pamamagitan rin ng mas pinabilis na akses sa kapital, nagiging madali para sa mga smallholder farmers ang makapaglapat ng mga proseso sa produksyon na direktang nakakatulong sa kalikasan.

**Pag-usapan natin!**

- Ano ang dapat nating maging ugali o pananaw ukol dito?
- Ano ang mga kailangan nating malaman at matutunang gawin upang makatulong maibsan ang mga ganitong pangyayari?

## Lenteng Panlipunan (Society)

Kapag pinag-uusapan ang pamantayang panlipunan sa pagpapatakbo ng negosyo, mahalagang tandaan na sa ngayon, tinititingnan na rin ng mga namumuhunan (investors) ang panlipunang epekto ng mga negosyo sa lipunan. Isa sa mga pangunahing batayan nito ay ang relasyon ng kumpanya sa mga empleyado. Mahalaga na masagot ng isang negosyo ang mga sumusunod na tanong:

- Makatarungan ba ang sahod kung ikukumpara sa mga katulad na trabaho o posisyon sa parehong industriya?
- Anong uri ng mga plano hinggil sa pagreretiro ang ibinabahagi para sa mga empleyado?
- May ambag ba ang kumpanya sa mga plano sa pagreretiro ng mga empleyado nito?
- Anong mga benepisyo o pribilehiyo ang ibinibigay sa mga empleyado bukod sa kanilang sweldo?

Bukod sa mga ito, mahalaga ring suriin kung may mga patakaran at programang ang kumpanya na tumutugon sa pagkakaiba-iba (diversity), pagiging inklusibo, at pagpigil sa anumang uri ng diskriminasyon at karahasang sekswal.Hindi lang sa loob ng kumpanya mahalagang tingnan ang epekto, kundi pati na rin ang ugnayan nito sa mga panlabas na sektor tulad ng:

- mga komunidad sa paligid kung saan may operasyon ang negosyo
- mga supplier na bahagi ng produksyon
- mga mamimili at merkado na pinaglilingkuran ng produkto o serbisyo

Sa kabuuan, ang panlipunang aspeto ng G-ESG ay nagsusulong ng mga negosyong may malasakit hindi lamang sa kita, kundi pati sa mga empleyado nito at ang komunidad na kinabibilangan.



Ang mga tanong sa table ay magsisilbing gabay para masuri kung ang ating mga pangaraw-araw na gawain ay sustainable o pangmatagalan.

| Lenteng Panlipunan | Mga Tanong na Gagabay sa Talakayan | Halimbawa |
|---|---|---|
| Community Relations | Anong itsura ng ating relasyon sa komunidad na kasama natin sa daloy ng produksyon? Nagkakaroon ba ng hindi pagkakaunawaan? Paano natin mapapagbuti ang pakikitungo natin sa komunidad na kasama natin at higit na naaapektuhan ng daloy ng produksyon? | Pinagsama-sama ng mga magsasaka ang kanilang ani sa iisang fermentation at drying facility, na nagbunga ng mas mataas na kalidad ng kakaw, pantay na kita, at mas matibay na ugnayan sa komunidad. |
| Customer Satisfaction | Nakapagbibigay ba tayo ng dekalidad na mga produkto? Tapat ba tayong nakikitungo sa ating mga customer? Paano natin masisiguro ang tuluyan nilang pagtangkilik sa ating negosyo o mga produkto? | Pagsasagawa ng quality control at traceability para matiyak ang consistent na kalidad ng produkto at ma-satisfied ang mga customers. |
| Supply Chain Management | Nabibigyan ba natin ng sapat ba kabayaran ang ating mga supplier? Paano mapagpapabuti ang daloy ng produksyon para sa ating mga supplier? | Pagpapatupad ng transparent record-keeping sa kooperatiba upang maging patas at maayos ang supply chain mula sakahan hanggang merkado |
| Human Rights, Gender and Diversity | Nabibigyan ba natin ng pantay na oportunidad ang mga parte ng minorya, gaya ng kababaihan, sa pakikilahok sa daloy ng produksyon? | Pagbibigay ng training sa Gender Equality and Social Inclusion-Human Rights (GESI-HR) upang tiyakin ang pantay na oportunidad ng kababaihan, kabataan, at IPs. |

| Lenteng Panlipunan | Mga Tanong na Gagabay sa Talakayan | Halimbawa |
|---|---|---|
| Health and Safety | Mayroon ba tayong mga patakaran tungkol sa health and safety standards? Nasusunod ba natin ito? | Pagkakaroon ng health and wellness seminar para sa mga smallholder farmers at employees, kabilang ang libreng check-ups para sa mga kababaihan. |
| Labor Standards | Mayroon ba tayong polisiya tungkol sa wastong pamantayan ng pagtatrabaho? Nasusunod ba natin ito? | Pagsunod a tamang working hours at walang child labor sa cacao farming activities. |
| Decent Work Creation | Nakapagbibigay ba tayo ng makatarungang sahod at maayos na kondisyon sa pagtatrabaho? | Nagbigay ang proyekto ng dagdag na trabaho sa kababaihan at kabataan sa post-harvest processing at solar dryer operations. |
| Product Quality and Safety | Paano natin ginagawa ang ating mga produkto? Mayroon bang napapahamak sa kasalukuyang proseso ng produksyon? | Pagkakaroon ng moisture meters at training sa tamang post-harvest handling para masiguro ang mataas na kalidad at ligtas na cacao beans. |
| Data Security | Sapat ba ang proteksyong ibinibigay sa mga datos at impormasyon tungkol sa ating mga empleyado? | Pag-establish ng transparent record-keeping system upang maprotektahan ang impormasyon ng mga miyembro at transaksyon. |
| Employee Engagement | Malaya bang nakakapagbahagi ang ating mga empleyado sa proseso ng decision-making? | Participatory training at feedback sessions upang marinig ang boses ng farmers at employees, at mapalakas ang pakikilahok sa decision-making. |

**Lenteng Panlipunan (Social)**

**Mga Halimbawa**



## Lenteng Panlipunan: Ang Kwento ng Lomerados



Aktibong sinusuportahan ng Lomerados ang inklusibong pagtingin sa kasarian sa pamamagitan ng paggamit ng mga kasangkapang kaugnay ng renewable energy, at pagsasabuhay ng iba pang gender-inclusive na kasanayan. Sa ganitong paraan, naipapakita nila ang pagsasanib ng mga layunin ukol sa kasarian, pangangalaga sa kalikasan, at panlipunang pananagutan sa kanilang kabuhayan.

***"Mula nang karamihan sa mga empleyado ko ay mga babae—lalo na yung nagso-sort ng beans na kadalasan ay mga asawa ng regular kong empleyado—malaki ang naitulong ng RIISA Project para mapaunlad ang kapasidad ng aming operasyon, lalo na sa pag-aangkop at pagiging matatag sa harap ng pagbabago ng klima."***

## Lenteng Panlipunan: Ang Kwento ng Auro Chocolate



Ang Auro Chocolate ay nagpapakita ng tunay na suporta sa kapakanan ng kanilang mga empleyado at mga kasapi ng kooperatiba sa pamamagitan ng pagtugon sa mga isyu na may kaugnayan sa kasarian. Ilan sa mga hamon na kinaharap ng kanilang mga empleyado ay ang mataas na insidente ng diskriminasyong pangkasarian at sexual harassment sa loob ng kanilang mga kooperatiba.

Bilang tugon, nagsagawa ang Auro ng mga training tungkol sa gender equality, inclusivity, women's rights, at human rights na dinaluhan ng 75 smallholder farmers (SHFs)—64% sa kanila ay kababaihan, 36% ay kalalakihan, samantalang 19% ng dumalo ay kabataan, at 5% ay mula naman sa Indigenous People (IP) communities. Bukod pa rito, nagsagawa rin ang Auro ng mga aktibidad gaya ng seminar ukol sa mental at pisikal na kalusugan, kabilang na ang pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan na partikular para sa mga kababaihan, upang matiyak ang kabuuang kalagayan ng kanilang mga miyembro.

Sa kabuuan, pinapatunayan ng Auro Chocolate ang kanilang pangakong pagtataguyod ng isang ligtas, inklusibo, at pantay na kapaligiran sa paggawa.

## Lenteng Pampamunuan (Governance)

Ang pagsusuri sa pamamahala ng kumpanya o negosyo ay mahalagang bahagi ng ESG governance. Sa aspeto ng pamamahala, tinitingnan kung gaano kahusay makilahok ang mga tagapamahala at iba't ibang stakeholder—kabilang ang mga empleyado, shareholders, at kliyente—para sa ikabubuti ng kumpanya. Sinusuri din dito ang antas ng kontribusyon ng negosyo sa kanyang komunidad, tulad ng pagbibigay ng suportang pinansyal sa mga proyektong pangkomunidad.



Mahalaga ring makita kung epektibong isinasabuhay ng kumpanya ang mga prinsipyo ng mabuting pamamahala, gaya ng bukas na komunikasyon, pagiging patas at inklusibo, pagtugon sa pangangailangan, kahusayan, pananagutan, at may malinaw na pananaw para sa kinabukasan. Ang mga ito ay nagpapakita kung ang negosyo ay hindi lamang para sa kita, kundi para rin sa kabutihang panlipunan at pangkapaligiran.

Ang mga tanong sa table ay magsisilbing gabay para pag-isipan kung tunay bang sustainable o pangmatagalan ang ating mga ginagawa.

| Lenteng Pampamunuan | Mga Tanong na Gagabay sa Talakayan | Halimbawa |
|---|---|---|
| Business Ethics | Wasto ba ang pamamahala natin sa ating negosyo? | Nagpatupad ang SMEs ng Code of Ethics at itinuro sa kanilang empleyado ang tamang pakikitungo sa farmers at buyers upang maiwasan ang unfair trade practices. |

| Lenteng Pampamunuan | Mga Tanong na Gagabay sa Talakayan | Halimbawa |
|---|---|---|
| Compliance | Nakasusunod ba tayo sa mga batas at polisiya ng gobyerno tungkol sa wastong daloy ng produksyon na hindi nakapipinsala sa kalikasan? Mayroon ba tayong mga kaparaanan na sumunod sa prinsipyo ng G-ESG? | Pagsunod ng mga kooperatiba at SMEs sa government requirements tulad ng business registration at environmental compliance certificates |
| Board Diversity | Mayroon bang sapat na representasyon ang mga kasapi ng minorya sa pamamahala ng ating negosyo at daloy ng produksyon? | Pinalakas ang partisipasyon ng kababaihan at kabataan sa board ng mga kooperatiba upang magkaroon ng mas inklusibong decision-making. |
| Transparency in Business Practices | Tapat ba ang ating pakikitungo sa mga negosasyon? Mayroon ba tayong mga kasalukuyang kaparaanan at polisiya na naisapubliko? | Nagpatupad ng open record-keeping at regular reporting sa mga miyembro ng kooperatiba para makita ang daloy ng pondo at kita mula sa cacao sales. |
| Accounting and Tax Practices | Tapat ba nating nating naitatala ang ating mga transaksyon? Nakapagbabayad ba tayo ng wastong buwis? | Tapat na naitatala ang transaksyon at nakakapagbayad ng wastong buwis sa tulong ng tamang bookkeeping. |

Bilang bahagi ng responsableng pamamahala, sinisigurado ng pamunuan na sila'y *transparent* at *diverse*, at namumuno gamit ang *rule of law*. Bukod dito, mahalaga rin na maging responsive at responsable sa lahat ng kanilang mga desisyon at mga patakarang ipinautupad.

Sa kabuuan, marapat na pagsikapan ng pamunuan na maging bahagi ng normal na operasyon ng organisasyon ang mga prinsipyo ng good governance, tulad ng transparency sa pamamahala, *inclusivity o diversity*, pakikilahok ng mga stakeholder, pamamahala na sumusunod sa batas, makatarungang pagtugon, at pananagutan—upang masigurong maayos, makatao, at makatarungan ang takbo ng kanilang negosyo o institusyon.

**Lenteng Pampamunuan (Governance)**

**Mga Halimbawa**



## Lenteng Pampamunuan: Ang Kwento ng Auro Chocolate



Ipinakita ng Auro Chocolate ang mabuting pamamahala sa pamamagitan ng pagsasama ng gender-sensitive na polisiya sa kapakanan ng mga empleyado. Nakipagtulungan ito sa MediCard Philippines Inc. para sa health at wellness seminars at nagbigay ng taunang cervical screening para sa kababaihan. Sa pakikipagtulungan sa FODCI, nagsagawa rin ng family planning at women's empowerment talks.

Sa ganitong paraan, naitataguyod ng Auro ang mas inklusibong lugar ng trabaho na nakaugat sa pagkakapantay-pantay at pananagutan.

***"Tinitingnan namin ang mas gender-sensitive na paraan sa aming mga programa, tulad ng kapag nag-iimbita ng mga propesyonal o resource persons upang tumulong sa pagsasagawa ng programa.***

***Halimbawa, kung ang programa ay tungkol sa kalusugan ng kababaihan, sisikapin naming kumuha ng mga eksperto na dalubhasa sa larangang iyon."***

## Sino-sino ang naapektuhan ng G-ESG?

### Sino ang naapektuhan?

Investors, empleyado, mamimili, komunidad, gobyerno, at mga kumpanya.

### Sino ang responsable?

Mga lider ng kooperatiba, small medium enterprises (SME), smallholder farmers, at iba pang manggagawa at stakeholder sa sektor ng agrikultura



## Saan ito naaangkop?



### Saan ito naaangkop?

Sa lahat ng industriya, daloy ng produksyon, at sa buong mundo.

### Saan sinusukat ang epekto?

Sa loob ng operasyon, mga supply chain, at mga komunidad.

## Paano natin ito ilalapat?

### Paano ipinatutupad ang mga estratehiya ng G-ESG?

Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga batas at iba pang polisiya, pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder, at integrasyon ng mga operasyon ng kooperatiba at SME's

### Paano sinusubaybayan ang progreso?

Sa pamamagitan ng key performance indicators (KPIs) at regular na pag-uulat.

## Bakit Gendered-Environmental, Social, Governance (G-ESG)?

### Kailan ito naging mahalaga?



Naging mahalaga ang paggamit ng gender lens lalo na nang inilunsad ang **United Nations Sustainable Development Goals (2015),** partikular ang SDG 5 na nakatuon sa Gender Equality. Dito ipinahayag na hindi na opsyonal ang pagkilala sa gender lens sa lahat ng larangan, kabilang ang negosyo, pamumuno, at paggawa ng polisiya.

Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang mga organisasyong may **gender-diverse na pamunuan ay mas matatag, mas mahusay sa pagharap sa mga krisis, at mas bukas sa pagbabago at inobasyon**. Ibig sabihin, ang usapin ng gender ay hindi lamang tungkol sa representasyon kundi sa pagbibigay ng mas matibay na pundasyon para sa paglago at tagumpay ng isang organisasyon.

### Kailan kailangang umaksyon?

Kailangang umaksyon ngayon, dahil ang tunay na sustainability ay hindi makakamit kung walang inclusivity. Kapag hindi nakikilala o napapakinggan ang mga karanasan ng kababaihan, kabataan, nakatatanda, at iba pang marginalized groups, nagiging kulang at hindi patas ang anumang pagsisikap na ituring na "sustainable."

Halimbawa, sa sektor ng agrikultura at SMEs, napakahalaga ng papel ng kababaihan sa produksyon at pagbebenta, ngunit madalas silang naiiwan sa desisyon at pamamahala. Kung hindi sila maisasama, nawawala ang malaking bahagi ng lakas-paggawa at karunungan na maaaring magpabuti sa kabuhayan at negosyo.



## Bakit Gendered-Environmental, Social, Governance (G-ESG)?

### Bakit ito mahalaga?



Mahalaga ito dahil tinatapatan ng gender lens ang mga sistematikong hindi pagkakapantay-pantay na matagal nang naka-ugat. Kapag isinasama ang kababaihan at iba pang vulnerable groups, mas mabilis makapag-adjust ang isang organisasyon sa mga hamon at krisis. Ipinapakita ng maraming pananaliksik na ang mga gender-diverse teams ay mas mahusay magdesisyon, mas maingat sa pamamahala ng panganib, at mas epektibo sa paglutas ng problema. **Kaya't kahit na ang isang proyekto ay ituring na "sustainable," kung hindi nito isinasaalang-alang ang gender lens, kulang pa rin ang pagkakapantay-pantay at tunay na katarungang panlipunan.**

### Bakit ito ginagamit ng mga organisasyon?

Ginagamit ito ng ibat's ibang organisasyon dahil dumarami ang mamimili at investors na mas pinahahalagahan ang inclusivity at sustainability. Ang mga buyers at mamumuhunan ay mas handang magtiwala at sumuporta sa mga negosyong nagpapakita ng malinaw na gender lens sa kanilang operasyon at produkto.

Para sa mga kooperatiba, SMEs, at smallholder farmers, **ang G-ESG ay hindi lamang tungkol sa pagsunod sa pamantayan, kundi paraan din upang patatagin ang kanilang kredibilidad, palakihin ang kita, at tiyakin ang pangmatagalang tagumpay.** Sa madaling salita, ang gender lens ay nagiging tulay upang makuha ang suporta ng merkado at investors, habang sabay na isinusulong ang pagkakapantay-pantay at katarungan.




Ipinapakita ng larawan sa baba ang mga pangunahing benepisyo ng G-ESG practices para sa mga negosyo, kooperatiba, at maliliit na magsasaka. Sa madaling sabi, ang pagsasama ng G-ESG sa operasyon ay hindi lang tungkol sa pagiging responsable, kundi nagdudulot din ng kompetitibong bentahe at pangmatagalang tagumpay para sa negosyo.





**Dagdag Reputasyon:** Kapag ang isang negosyo o kooperatiba ay nagsimula nang isama ang G-ESG sa kanilang operasyon, unti-unting nabubuo ang isang matibay na reputasyon. Nakikita ng mga mamimili at komunidad na ang kanilang produkto ay hindi lamang basta paninda kundi bunga ng responsableng pamamahala, malasakit sa tao, at pangangalaga sa kalikasan. Ang magandang pangalan na ito ay nagiging puhunan upang mas lumawak ang merkado at mas makilala ang kanilang kabuhayan.

**Pagpapalawak ng Puhunan:** Mula sa reputasyong iyon, nagiging mas madali ring makakuha ng puhunan. Maraming mamumuhunan ngayon ang naghahanap ng mga kumpanyang hindi lamang nakatuon sa tubo, kundi may malinaw na pananagutan sa kapaligiran at patas na oportunidad para sa lahat ng kasarian. Sa paggamit ng gender lens, mas nakikita ng mga investors kung paano nakikinabang ang kababaihan, kabataan, at iba pang sektor. Dahil dito, mas handa silang magbigay ng suporta at kapital.



**Pagbawas ng Panganib sa Proseso ng Negosyo:** Hindi maiiwasan ang mga krisis tulad ng kalamidad, pagbabago ng klima, o biglang pag-iba ng takbo ng merkado. Ngunit kung may malinaw na pamamahala at bukas na komunikasyon, mas handa ang isang organisasyon na harapin ang ganitong mga panganib. Ang G-ESG ay tumutulong na mabawasan ang sigalot at hindi pagkakaunawaan dahil lahat ng kasapi ay nabibigyan ng pagkakataong makilahok at makapagsalita. Sa ganitong paraan, mas matibay at mas buo ang samahan.



**Pagbawas ng Gastos:** Sa pagpili ng mga sustainable na pamamaraan, hindi lang kalikasan ang natutulungan kundi pati ang bulsa ng negosyo. Ang paggamit ng solar dryer sa halip na diesel-powered dryers, ang pag-ani ng tubig-ulan para makatipid sa deep well, at ang paggawa ng compost mula sa tirang pananim ay ilan lamang sa mga paraan kung paano nababawasan ang gastos sa produksyon. Sa kalaunan, mas nagiging episyente ang operasyon at mas lumalaki ang kinikita ng organisasyon.



**Pagbibigay ng Pantay na Oportunidad sa Lahat ng Kasarian:** Isa sa pinakamahalagang aspeto ng G-ESG ay ang pagbibigay ng pantay na oportunidad sa lahat. Ang kababaihan, kabataan, nakatatanda, at iba pang sektor na madalas isantabi ay nagkakaroon ng pantay na akses sa trabaho, kita, at desisyon. Sa ganitong paraan, hindi lamang iilan ang nakikinabang—kundi lahat ng miyembro ng komunidad ay sama-samang umaangat. Ang inklusibong ganitong pagtingin ay nagpapalakas hindi lamang ng negosyo, kundi ng mismong komunidad.




**Transparency:** Higit sa lahat, mahalaga ang transparency o pagiging bukas sa lahat ng operasyon. Kapag malinaw ang pagpapakita ng pondo, kita, at mga patakaran, nagkakaroon ng tiwala mula sa mamimili, investors, at mismong miyembro ng organisasyon. Ang negosyo ay nagiging mas matibay dahil hindi lamang ito pinatatakbo ng tubo, kundi ng tiwala at pananagutan.

## Paglalapat sa Konteksto ng Trabaho at ating mga Negosyo

Ngayon na pinakita kung bakit mahalaga ang G ESG, pag-isipan naman natin ito sa konteksto ng ating sariling negosyo o kooperatiba. Maaaring gamitin ang G-ESG bilang isang tool o lente upang mas maintindihan ang ating operasyon, kung nasaan tayo ngayon, ano ang mga hamon na ating kinakaharap, at ano pa ang maaari nating gawin upang maging mas inklusibo at mas nakabatay sa pangmatagalang pagpapanatili. Sa pamamagitan ng ganitong pagninilay, mas malinaw nating makikita kung paanong ang ating mga kasalukuyang gawain ay umaayon o hindi umaayon sa prinsipyo ng G-ESG, at kung paanong maaari pa itong mapabuti.

- Ano-anong mga pamamaraan at proseso sa ating proseso ng produksyon ang umaayon sa batayan ng G-ESG?
- Mayroon ba tayong naranasan na kahirapan o suliranin lalong lalo na sa aspeto ng kapital at paghahanap ng investor?
- Ano-anong mga bagay ang pwede nating baguhin upang mapaunlad ang proseso ng produksyon?






# Aktibidad: Kwento ng Pagbabago

## Layunin ng Aktibidad:

- Muling suriin ang naunang kwento upang makita kung paano ito maaaring baguhin o pagandahin gamit ang G-ESG na pag-iisip.
- Maglatag ng kongkretong halimbawa kung paano magiging mas makatao ang trato sa mga manggagawa, mas makakalikasan ang mga gawain, at mas makatarungan ang ugnayan sa lipunan.
- Isaalang-alang ang iba't ibang pananaw gamit ang Gender lens, upang matukoy kung paano matutugunan ang pangangailangan ng kababaihan, kabataan, nakatatanda, at iba pang sektor.
- Magpahayag ng sariling pananaw at ideya tungkol sa mas inklusibong paraan ng pagpapatakbo ng negosyo.
- Matutong makipagtulungan sa grupo sa pagbuo ng mga suhestiyon at solusyon.
- Makabuo ng kolektibong kwento ng pagbabago na magsisilbing halimbawa ng mas makabuluhang modelo ng pagnenegosyo.

## Mga Panuto:

- Bumalik sa kanya-kanyang grupo.
- Pumili ng isang tagasulat, at isang taga-ulat.
- Kwento ng Pagbabago: Ngavon naman, isipin ninvo kung paano magiging mas makatao, makakalikasan, at makatarungan ang parehong kwento kaninang umaga, at kung ito ay ipinatupad gamit ang G-ESG na pagiisip. (*hal. Paano mas mahusay na tratuhin ang mga magsasaka? Paano mapangangalagaan ang kapaligiran? Paano mabibigyang kapangvarihan ang kababaihan, kabataan, o nakatatanda?*).
- Hikayatin na makapagsalita at makapagbigay ng kanilang pananaw at saloobin ang bawat isa sa grupo. Huwag kalimutan i-lista ang mga napagusapan.
- Pagkatapos ng pagkwekwento, at nakabalik na lahat sa orihinal na grupo, magsasalaysay ang mga taga-ulat ng nailista na mga kwento ng bawat grupo.

## Ang mga baon nating aral mula sa Module 1

- **Ang tradisyunal na pamamaraan ng pagnenegosyo ay nakatuon lamang sa layuning pang ekonomiya.** Isinasantabi nito ang pagbabalanse ng mga layuning panlipunan, pangkomunidad at pangkalikasan.
    - Sa pagsasantabi ng ibang layunin, ang tradisyunal na pamamaraan sa pagnenegosyo ay nagdulot ng pagkakahati-hati ng lipunan, hindi pantay-pantay na pag-unlad sa komunidad at kanayunan, at sa pagkasira ng kalikasan at ekolohiya.
        - *Halimbawa: Maraming smallholder farmers ng kakaw ang nakatuon lamang sa produksyon at pagbebenta ng ani nang hindi isinasaalang-alang ang mga isyu sa kasarian, epekto sa kalikasan, o pangmatagalang pagpapanatili.*
    - Dahil sa mga naging epekto ng tradisyunal na pamamaraan sa pagnenegosyo, kailangan na natin ng panibagong pananaw sa pag-unlad, pagnenegosyo at paghahanap-buhay kung saan naka sentro ang paglutas sa mga isyu sa kalikasan, lipunan, at pamumuno.
        - *Halimbawa: Napansin ng isang kooperatiba na hindi sapat ang kita kung hindi rin isasaalang-alang ang kalusugan ng mga miyembro, ang pangangalaga sa kapaligiran, at ang inklusibong pamamahala.*
- **Ang G-ESG ay isang makabago at komprehensibong pananaw sa pagnenegosyo na nagbibigay halaga sa mas malawak na layunin ng makatarungan at pantay na pag-unlad ng ekonomiya.** Isinasaalang-alang nito ang pagkakaroon ng isang inklusibong proseso sa pagnenegosyo kung saan tiyak ang maayos na pamamahala (good governance), malasakit sa kalikasan (environmental responsibility), at mabuting kalagayan ng mga tao at mga komunidad (social equity).
    - Ginagamit ang gender lens sa G-ESG upang matiyak na ang mga patakaran, desisyon, at operasyon ng isang negosyo ay patas at inklusibo para sa lahat — anuman ang kasarian.
        - *Halimbawa: Sa isang training, sinigurado ng pamunuan na kalahok ang parehong babae at lalaki upang pareho silang makinabang sa bagong kaalaman at oportunidad.*

## Ang mga baon nating aral mula sa Module 1

- Sa aspeto ng kalikasan (environment) sa G-ESG, natutukoy kung sino ang higit na naaapektuhan ng mga isyu gaya ng global warming at climate change.
    - *Halimbawa: Isang grupo ng magsasaka ang lumipat mula sa paggamit ng diesel-powered dryers tungo sa solar dryers upang mabawasan ang polusyon at carbon emissions.*
- Sa aspeto ng lipunan (social) sa G-ESG, natitiyak na walang diskriminasyon at pantay ang oportunidad sa trabaho, benepisyo, at pag-unlad, anuman ang kasarian.
    - *Halimbawa: Isang kumpanya ang nagbigay ng health benefits na pantay para sa lahat ng empleyado, kabilang ang cervical screening para sa kababaihan at regular check-up para sa lahat.*
- Sa aspeto ng pamumuno (governance), nasisiguro na mayroong inklusibo at etikal na pamumuno kung saan lahat ay malayang nakikibahagi sa anumang proseso lalo na sa decision-making.
    - *Halimbawa: Sa loob ng isang kooperatiba, lahat ng kasapi—kabataan, kababaihan, at katutubo—ay binigyan ng pagkakataong makibahagi sa proseso ng paggawa ng desisyon.*

## Mga Sanggunian


Bakker, S. (n.d.). Sustainability is Everybody's Business: A Thought Leadership Article. MEDA Philippines and Philippines Partnership for Sustainable Agriculture (PPSA). https://drive.google.com/file/d/1qWJ3rV4i-ZLQLPklybl6INLjXmkNH-a_/view?usp=sharing

Krainer, D., Jones, L., Karim, S., & Turner, K. (2018). *The GEM Framework: Gender Equality Mainstreaming for Business Growth and Impact - A Step-by-Step Manual for Investors and Capacity Builders*. Mennonite Economic Development Associates. https://drive.google.com/file/d/1pxTxWBjKrNsCK8VS_ocL6wllxIeD9fr_/view?usp=drive_link

Mennonite Economic Development Associates. (2024, May 15). *Resilience and Inclusion through Investment in Agrikultura (RIISA) Project Annual Results Report* (Project Number P008973). (Reporting Period: April 1, 2023 – March 31, 2024). https://drive.google.com/file/d/1KxjRp6ZOpdxCyivdPRus33kNDMlAQpkX/view?usp=sharing

Mennonite Economic Development Associates. (2023a, August 29). *Creating Business Solutions to Poverty: A Presentation of the Project's Performance Management Framework (PMF)*. https://drive.google.com/file/d/1kE6euNGGQh5T9MdWvSk4ZuZoIp3Rmg0h/view?usp=sharing

Mennonite Economic Development Associates. *(2023b, August 29). Understanding G-ESG in Agribusiness: What it is, its synergies, and trade offs?* https://drive.google.com/file/d/1r7s7x-3BP07YLlUhzSgVVRGyQAMAlU1y/view?usp=sharing

Philippine Statistics Authority. (2020). Damages Due to Natural Extreme Events and Disasters Amounted to PhP 463 Billion. Philippine Statistics Authority. https://psa.gov.ph/content/damages-due-natural-extreme-events-and-disasters-amounted-php-463-billion

RIISA team (R. Valones & J. King). (2022, November 15). Integrated Cacao Market Systems Analysis for Mindanao, Philippines. MEDA Philippines. https://drive.google.com/file/d/13B8hvXDps9qDomiF6b9QTugmV0LMIHFo/view?usp=sharing

Philippine peasants fight for land 30 years after reform. (2018, May 31). GMA News Online. https://images.gmanews.tv/webpics/2017/04/ZZZ_040517_regions_2017_04_05_16_47_14.jpg

Vanidad, S. H., Limpin, V., Milano, M. M., & Bautista, M. A. P. (2024). *The Business Case for G-ESG Approaches: Lessons from Four Cacao Enterprises in the Philippines*. Philippines Partnership for Sustainable Agriculture; Mennonite Economic Development Associates. https://docs.google.com/document/d/1rz8juijAznuCW_vVBOD4hyyzjgLtscwH/edit?usp=drive_link&ouid=112586330375778997449&rtpof=true&sd=true



Philippines Partnership for Sustainable Agriculture
www.ppsa-ph.org
secretariat@ppsa-ph.org